



## Kagawaran ng Agrikultura ng U.S. (U.S. Department of Agriculture)

### Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa ng USDA

5. Sino ang pinaniniwalaan mong nandiskrimina laban sa iyo? Isama ang (mga) pangalan ng (mga) taong may kinalaman sa ipinaparatang na diskriminasyon (kung kilala).

6. Ano ang nangyari sa iyo (mangyaring isama ang mga petsa ng bawat paratang)?

7. Isang paglabag sa batas na mandiskrimina laban sa iyo batay sa mga sumusunod: lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian kasama ang pagkakakilanlan at pagpapahayag ng gender, seksuwal na oryentasyon, kapansanan, edad, katayuan ng kasal, katayuan ng pamilya/pagiging magulang, kita na nakuha mula sa programa sa pampublikong tulong, at mga pulitikal na paniniwala. (Hindi nalalapat sa lahat ng programa ang lahat ng batayan). Ipinagbabawal ang paghihiganti batay sa nakaraang aktibidad sa mga karapatang sibil.

Naniniwala akong nadiskrimina ako batay sa:

- |  |   |   |
|--|---|---|
| <input type="checkbox"/> Lahi                        | <input type="checkbox"/> Kasarian                                 | <input type="checkbox"/> Katayuan ng Kasal  |
| <input type="checkbox"/> Seksuwal na Oryentasyon     | <input type="checkbox"/> Pagkakakilanlan ng Gender (Pagpapahayag) |   |
| <input type="checkbox"/> Kulay ng Balat              | <input type="checkbox"/> Kapansanan                               | <input type="checkbox"/> Katayuan ng Pamilya/Pagiging Magulang                      |
| <input type="checkbox"/> Bansang Pinagmulan          | <input type="checkbox"/> Edad                                     | <input type="checkbox"/> Kita mula sa Pampublikong Tulong                           |
| <input type="checkbox"/> Mga Pulitikal na Paniniwala | <input type="checkbox"/> Relihiyon                                | <input type="checkbox"/> Paghihiganti (nakaraang aktibidad sa mga karapatang sibil) |

#### Mga Remedyo

8. Paano mo nais na malutas ang reklamong ito?

9. Naghain ka ba ng reklamo tungkol sa (mga) insidente sa ibang pederal, pang-estado, o lokal na ahensya o sa hukuman?

10. Kung oo, sa anong ahensya o hukuman ka naghain?

11. Kung oo, kailan ka naghain?  
(mm/dd/yyyy)

## MGA TAGUBILIN

**LAYUNIN:** Ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa ng Kagawaran ng Agrikultura 3027 (AD 3027) ay maaaring gamitin para maghain ng reklamo kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon sa anumang programa o aktibidad ng USDA, at nais mong maghain ng reklamo ng diskriminasyon. Magagamit ang form para maghain ng reklamo ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan (kasama ang limitadong kasanayan sa Ingles), relihiyon, kasarian (kasama ang pagkakakilanlan at pagpapahayag ng gender), seksuwal na oryentasyon, kapansanan, edad, katayuan ng kasal, katayuan ng pamilya/pagiging magulang, kitang nagkukuha mula sa programa sa pampublikong tulong at mga pulitikal na paniniwala. Maaari mo ring gamitin ang form na ito para maghain ng reklamo sa programa na ipinaparatang ang malubhang epekto sa kapaligiran sa iyong kalusugan o kapaligiran ng isang protektadong grupo na dulot ng programa o mga aktibidad ng USDA, Mga Larangan ng Misyong o ahensya nito.

Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito para maghain ng reklamo tungkol sa diskriminasyon, maaari kang magpadala ng sulat o email sa halip na form na ito. Kailangang kasama sa sulat o email ang impormasyong hinihiling sa aytem 1-11 sa form na ito. Kung magpapasya kang gamitin ang form na ito, mangyaring i-type o i-print ang lahat ng impormasyon sa aytem 1-11 sa form na ito at gumamit ng mga karagdagang pahina kung kailangan ng higit pang espasyo. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng form na ito, tumawag sa 866-632-9992.

Alinsunod sa 7 CFR 16.4(d), ang mga benepisyaryo at posibleng benepisyaryo ng mga programang sinusuportahan ng hindi direktang pinansyal na tulong mula sa USDA ay maaaring maghain ng mga nakasulat na reklamo sa USDA na ipinaparatang ang mga paglabag sa mga proteksyon sa kalayaan sa relihiyon ng panuntunan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan o pagsusulat ng nakasulat na reklamo sa Tanggapan ng Tagatulong na Kalihim para sa Mga Karapatang Sibil (Office of the Assistant Secretary for Civil Rights, OASCR) ng USDA.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagpunan ng form na ito (kasama ang mga serbisyo sa pagsasalina), maaari kang tumawag sa (866) 632-9992; magiging available ang tulong sa Ingles o sa iba pang wika. Ang mga taong may mga kapansanan na nangangailangan ng mga alternatibong paraan ng komunikasyon para sa impormasyon ng programa (hal., Braille, malalaking letra, at American Sign Language) ay dapat na makipag-ugnayan sa responsableng Pang-estado o lokal na Ahensya na nangangasiwa sa programa o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Federal Telecommunications Relay Service sa 711 (boses at TTY)

**Kailangang mayroon kaming pinirmahang kopya ng iyong reklamo. Kapag hindi kumpleto o hindi pinirmahan ang form o sulat, maaari nitong maantala ang pagproseso ng reklamo mo.**

**TAKDANG PETA SA PAGHAHAIN:** Dapat na ihain ang reklamo sa diskriminasyon sa programa sa loob ng 180 araw mula sa petsa kung kailan mo nalaman o dapat na nalaman ang tungkol sa ipinaparatang na diskriminasyon maliban kung ipinalawig ng USDA ang panahon para sa paghahain. Itinuturing na inihain ang mga reklamong ipinadala sa pamamagitan ng mail sa petsa kung kailan natanggap ng USDA ang reklamo. Ituturing na naihain ang dokumento ng reklamo o Mga Form ng Reklamo na ipinadala sa pamamagitan ng email sa petsa kung kailan natanggap ang reklamo. Kailangang may paliwanag ng 'mabuting dahilan' para sa antala ang mga reklamong inihain pagkatapos ng 180 araw na takdang petsa. Halimbawa, kung:

1. Hindi makatuwirang maaasahan mula sa iyo na malaman ang nandidiskriminang aksyon sa loob ng 180 araw;
2. Malubha ang sakit mo o wala kang kakayahan; o
3. Inihain ang parehong reklamo sa ibang Pederal, pang-estado, o lokal na ahensya at nabigo ang ahensyang iyon na kumilos sa reklamo mo.

**PATAKARAN NG USDA:** Ipinagbabawal ng pederal na batas at patakaran ang diskriminasyon laban sa iyo batay sa lahi, kulay ng balat, at kasama sa bansang pinagmulan ang diskriminasyon batay sa kabahaging ninuno o mga etnikong katangian o batay sa pagkamamamayan sa isang bansa na may dominanteng relihiyon. Kasama rin sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, at bansang pinagmulan ang diskriminasyon, kasama ang pangha-harass, dahil ikaw at/o ibang indibidwal ay, bilang halimbawa, Jewish, Muslim, Arab, Hindu, o Sikh; o batay sa iba pang katangian ng etniko o relihiyon. Halimbawa, ang mga indibidwal na naging paksa ng mga pamimintas sa etniko (gaya ng pangha-harass na antisemitismo o laban sa Muslim); naha-harass sa hitsura, suot, o paraan ng pagsasalita nila sa mga paraang nauugnay sa kanilang etnikong pinagmulan (gaya ng kulay ng balat, kasuotang panrelihiyon, o wikang sinasalita); o may stereotype dahil sa kanilang ipinagpapalagay na etnikong katangian. Tutukuyin ng USDA kung may hurisdiksyon ito sa ilalim ng batas na iproseso ang reklamo ayon sa tinukoy na batayan sa reklamo at sa mga

programang tinukoy sa reklamo. Ipinagbabawal ang paghihiganti batay sa dating aktibidad para sa mga karapatang sibil.

**SAAN IHAHAIN ANG IYONG REKLAMO: Maaari mong isumite ang iyong nakumpletong form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng:**

**Mail:** U.S. Department of Agriculture, Office of the Assistant Secretary for Civil Rights, 1400 Independence, Ave, SW, Mail Stop 9410, Washington, DC 20250-9410.

**e-Mail:** [program.intake@usda.gov](mailto:program.intake@usda.gov).

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: <https://www.usda.gov/oascr/how-to-file-a-program-discrimination-complaint>.

**LEGAL NA IMPORMASYON**

**PAHINTULOT:** Ibinibigay ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa ng USDA na ito alinsunod sa Batas sa Pagkapribado ng 1974 (5 U.S.C. §552a) at ginagamit ito para makakuha ng impormasyon para sa pagproseso ng mga reklamo ng diskriminasyon. Hinihiling ng USDA ang impormasyong ito alinsunod sa 7 CFR, Bahagi 15.

Kung tinanggap bilang reklamo ang nakumpletong form, gagamitin ang impormasyong nakolekta sa oras ng imbestigasyon para iproseso ang iyong reklamo sa diskriminasyon sa programa.

**IPINAGBABAWAL ANG PAGHIHIGANTI:** Hindi pinapayagan ang anumang sinumang Ahensya, opisyal, empleyado, o ahente ng USDA, kasama ang mga taong kumakatawan sa USDA at mga programa nito, na manakot, magbanta, mang-harass, mamilit, mandiskrimina, o maghihiganti laban sa sinumang naghain ng reklamo ng ipinaparatang na diskriminasyon o nakikilahok sa anumang paraan sa isang imbestigasyon o iba pang paglilitis na mula sa mga paratang ng diskriminasyon.

**PAHAYAG SA BATAS SA PAGKAPRIBADO (5 U.S.C. § 552a)**

**MGA AWTORIDAD:** Ang pagkolekta ng impormasyong ito ay pinapahintulutan ng Pamagat VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 (42 U.S.C. § 2000d); at Seksyon 504 at 508 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (29 U.S.C. §§ 794; 794d) at anumang iba pang batas, panuntunan at regulasyon laban sa diskriminasyon.

**LAYUNIN:** Ginagamit ang impormasyong nakuha sa form na ito para sa pagproseso ng mga reklamo ng diskriminasyon sa ilalim ng mga batas na nakalista sa seksyong "Mga Awtoridad" ng abisong ito. Mananatili sa aming sistema ng tala ang anumang impormasyong nakuha mula sa form na ito.

**MGA KARANIWANG PAGGAMIT:** Ang higit pang impormasyon sa mga karaniwang paggamit para sa sistema sa mga tala na USDA-2021-0007 ng Abiso sa Sistema ng Mga Tala na pinapanatili ng OASCR ay makikita sa pamamagitan ng internet sa <https://www.usda.gov/home/privacy-policy/system-records-notices>.

**PAGHAHAYAG:** Kusang-loob ang pagbibigay ng impormasyong ito. Kapag nabigong kumpletuhin ang form na ito, maaari itong humantong sa antala sa pagproseso ng reklamo o pagtanggap ng reklamo dahil sa kulang na impormasyon para ipagpatuloy ang pagproseso.

**PAHAYAG SA BATAS SA PAGBABAWAS NG PAPELES**

Inaatas sa amin ng Batas sa Pagbabawas ng Papeles ng 1995 (44 U.S.C. 3501 at mga kasunod nito) na ipaalam sa iyo na kinokolekta ang impormasyong ito para tiyaking naglalaman ang iyong reklamo ng lahat ng impormasyong kailangan para ganap na iproseso ito. Gagamitin ng OASCR ang impormasyon para iproseso ang iyong reklamo sa diskriminasyon.

Boluntaryo ang pagtugon sa kahilingang ito. Ang impormasyong ibabahagi mo sa form na ito ay ibabahagi lang sa mga taong may opisyal na pangangailangan na makaalam at poprotektahan mula sa paghahayag sa publiko alinsunod sa mga probisyon ng Batas sa Privacy, (5 U.S.C. § 552a(b)). Ang tinatayang oras na kailangan para kumpletuhin ang form na ito ay 60 minuto. Maaari kang magpadala ng mga komento tungkol sa pagiging tumpak ng tantiya na ito at anumang mungkahi para sa pagbabawas sa oras ng pagkumpleto ng form sa U.S. Department of Agriculture, Office of the Assistant Secretary for Civil Rights, 1400 Independence Avenue, SW, Mail Stop 9410, DC 20250-9410. Hindi maaaring isagawa o itaguyod ng isang ahensya, at hindi rin kailangang tugunan ng tao, ang pagkolekta ng impormasyon maliban kung nagpapakita ito ng kasalukuyang may bisang Numero ng Pagkontrol ng OMB. **Ang Numero ng Pagkontrol ng OMB para sa form na ito ay 0508-0002.**

### **PAMAGAT VI AT KATARUNGAN PARA SA KAPALIGIRAN**

Inaatas ng Pamagat VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 sa mga pederal na ahensya na tiyaking ang mga programa o aktibidad na nakakatanggap ng pederal na pagpopondo, kasama ang mga nakakaapekto sa kalusugan o kapaligiran, ay hindi gagamit ng mapandiskriminang pamantayan, mga pamamaraan, o kasanayan na lubos na nakakaapekto sa mga protektadong grupo. Isinusulong ng USDA ang katarungan para sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga responsibilidad nito sa ilalim ng batas para tukuyin at tugunan ang hindi pantay at malubhang epektong pangkalusugan at pangkapaligiran, nauugnay sa klima, at lumalaki sa mga komunidad na may mga alalahanin sa katarungan para sa kapaligiran. Iniimbitahan ng USDA ang publiko na ipaalam sa kanila ang mga posibleng paglabag sa mga batas para sa kapaligiran ng ating bansa. Mangyaring gamitin ang form na ito para ipaalam sa USDA ang alinmang epekto sa kapaligiran, kalusugan at klima sa mga indibidwal at komunidad na maaaring dulot ng mga aktibidad ng USDA, Mga Larangan ng Misyong o ahensya nito. Mangyaring maunawaan na walang epekto ang pagsumite ng form ng reklamo na ito sa anumang batas ng mga limitasyon o anumang iba pang kinakailangan sa paghahain na maaaring nalalapat sa anumang reklamong maaaring mayroon ka. Dagdag dito, sa pagsumite ng reklamong ito, hindi ka pa nakapagsimula ng demanda o iba pang legal na paglilitis, at hindi nagsimula ang tanggapan na ito ng demanda o paglilitis sa ngalan mo.

### **DISKRIMINASYON SA BANSANG PINAGMULAN**

Kasama sa diskriminasyon batay sa bansang pinagmulan ang diskriminasyon batay sa bansa, rehiyon sa mundo, o lugar kung saan galing ang tao o mga ninuno niya; ang limitadong kasanayan sa Ingles o katayuan bilang nag-aaral ng Ingles ng tao; at aktuwal o ipinagpapalagay na kabahaging ninuno o mga etnikong katangian ng tao kasama ang pagiging kasapi ng isang relihiyon na maaaring ipagpalagay na nagpapakita ng mga nasabing katangian (hal., mga Hindu, Jewish, Muslim, at Sikh na mag-aaral).

### **PAHAYAG SA PAGIGING ACCESSIBLE NG USDA**

Pinahihintulutan ng Seksyon 508 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973, ayon sa inamyenda (29 U.S.C. 794d) ang mga indibidwal na maghain ng mga administratibong reklamo at sibil na aksyon laban sa Kagawaran, na limitado sa ipinaparatang na pagkabigo ng Kagawaran na makakuha ng naa-access na teknolohiya. Inaatas ng batas sa mga pederal na ahensya na iproseso ang mga reklamo sa ilalim ng Seksyon 508 ayon sa parehong pamamaraan sa reklamo na ginamit para iproseso ang mga reklamo sa ilalim ng Seksyon 504. Nakatuon ang USDA sa paggawang naa-access ang digital na nilalaman nito. Ang mga kostumer, empleyado, nag-a-apply sa trabaho sa USDA, at miyembro ng publiko na may mga kapansanan ay dapat na may access sa teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon (information and communication technology, ICT) na kasinghusay ng access na available sa mga walang kapansanan.